

# Halalan Bingo 2022 (V 1.2)

- Isang Face-to-Face paraan ng Voter's Education para sa developing communities (Class D & E, 94% of the voting population), karamihan sa kanila ay hindi nakikita sa simbahan at abala sa kanilang sariling buhay.
- Layunin nito ang tulungang makapag-isip ang mga botante sa pagpili ng kandidato at **hindi mag-endorso.**
- Ito po ay isang pag-papakita ng ating pag-mamahal sa bayan.
- Ito ay pinangungunahan ng isang Facilitator na sumailalim sa isang parehong session at pinag-aralan Voter's Education script lalong-lalo na ang mga impormasyon sa bawat batayan.
- Ang bawat session ay pwedeng gawin ng higit sa sampung katao at tumatagal lamang ng 30 minuto.

***Pamamaraan***

1. Ang Parish Pastoral Council Head ang overall coordinator ng Voter's Education.
2. Gumawa ng grupo at gawin ang session. Unahin ang mga may kakayahan na mag-facilitate.
3. Gawin ang session na ito sa iba't-ibang grupo ng simbahan (Commissions, ministries at renewal communities)
4. Hikayatin silang pag-aralan ang Voter's Education script.
5. Ilista ang mga developing communities sa nasasakupan ng Parokya at planuhin ang schedule ng session.

***Mga kailangan***

1. Voter's Education Script
2. Halalan Bingo 2022 Cards (Xerox, Printed on cardboard or bond paper)
3. Ballpen
4. Venue kung saan gaganapin ang session
5. Sound system (kung marami ang dadalo)
6. Simpleng pa-merienda (optional)
7. Report kung ilan ang session na nagawa, ilan ang nag-participate, at resulta ng mock election.

**Mga Paalala sa Facilitator**

1. Makipag-palagayan ng loob at mangumusta sa participants (small talk) bago simulan ang session.
2. Huwag makipag-talo at irespeto ang kanilang opinyon. Kapag napunta ang usapin sa ibang issue, ibalik lamang sa batayan ang usapan.
3. Maging mapag-kumbaba sa pakikitungo sa participants.
4. Gamitin ang discussion starter upang simulan o dagdagan ang maikling talakayan sa bawat batayan
5. Bigyan ang mga participants ng panahon upang mag-bahagi ngunit huwag masyadong mahaba.
6. **Mahalaga na gawin ang pag-sagot ng Halalan Bingo Card ng sabay-sabay dahil pinaka-importanteng bahagi ng session na ito ay ang talakayan.**

7. Iwasan na mag-banggit ng masama tungkol sa kandidato, pwera lang kung ito ay hindi fake news at alam na totoo ng karamihan.
8. Lilimitahan lamang po natin ang diskusyon sa limang kandidato pero pwede po kayong mag-dagdag.

**Voter's Education Script (30-40 Min. Activity)**

1. Pag-papakilala:
   Magandang (umaga/tanghali/hapon/gabi) po sa inyong lahat. Nalalapit na po ang ating Elecksyon. Ako po si ___________________, isang volunteer. Nandito po ako para mag-bigay ng Voter's Education kung saan aming:
   - Ibabahagi at lilinawin ang mga pamantayan sa pag-pili ng ating susunod na pangulo,
   - At susuriin ang mga pambansang isyu at pananaw ng mga kandidato sa mga ito.

2. Bago tayo magsimula, sariwain muna natin ang ating pagiging Pilipino sa pag-bigkas natin ng Panatang Makabayan, mag-sitayo po ang lahat, itaas ang kanang kamay at sabay-sabay po tayo:

   Iniibig ko ang Pilipinas.
   Ito ang aking lupang sinilangan.
   Ito ang tahanan ng aking lahi.
   Ako'y kanyang kinukupkop at tinutulungan
   upang maging malakas, maligaya at kapakipakinabang.
   Bilang ganti, diringgin ko ang payo ng
   aking mga magulang.
   Susundin ko ang mga tuntunin ng aking paaralan.
   Tutuparin ko ang mga tungkulin ng isang mamamayang makabayan at masunurin sa batas.
   Paglilingkuran ko ang aking bayan ng walang
   pag-iimbot at ng buong katapatan.
   Sisikapin kong maging isang tunay na Pilipino
   sa isip, sa salita, at sa gawa.

3. Ano ba ang kalagayan ng ating Bansa?
   - Pambansang Utang ay 11.7 Trillion Pesos (2021)
   - 1 sa 5 ay Hindi Naka-Enroll (SY 2020-2021)
   - 4.25 Milyong Walang Trabaho; 8.7 Milyon Underemployed (2021)
   - 255,714 Manggagawa ang Nawalan ng Trabaho sa 8,070 Negosyong Naapektuhan ng Pandemya (2021)
   - 29,000 individual killed in the "War on Drugs"(2019)
   - 4.2 Milyong Pamilya ang Nakaranas ng Gutom (SWS Mayo 2021)
   - 4.5 Milyong Pilipino ang Walang Sariling Lupa at Bahay (2018)

   Kaya mahalaga na makapamili tayo ng tamang pinuno ng ating bansa na mag-sisiguro na matutugunan ang mga problemang nabanggit.

4. May 4 na Core Values (mahalagang pag-uugali) sa pagpili ng kandidato na tinuturo ng ating simbahan:.
    1. **Maka-Diyos** – naniniwala sa Diyos
    2. **Maka-Tao** – itinataguyod ang karapatang pantao
    3. **Maka-bayan** – malinaw na plataporma sa pag-lilingkod at inuna ang kapakanan ng Bayan
    4. **Maka-kalikasan** – isinusulong ang mga programang nag-bibigay proteksyon sa ating kalikasan

    Saan ba natin makikita ang mga katangian na ito?
    Ang mahalagang pag-uugali na ito ay makikita sa Karakter, Kakayahan, Karanasan at posisyon sa mahahalagang usapin ng ating mga kandidato.

5. Ngunit may mga hadlang upang tayo ay hindi mag-karoon ng tamang pinuno.
    a. **Kung ang kandidato ay hindi tapat** (honest), o hindi nag-sasabi ng totoo. Paano natin paniniwalaan ang kanyang sinasabi. Dapat kilatisin natin mabuti ang kandidato kung ito ay nag-sasabi ng totoo. Huwag natin iboto ang hindi tapat.
    b. **Fake news**. Hindi natin dapat basta tanggapin ang mga balita na galing sa mga kahinahinalang source tulad ng mga Vlogg sa internet (Facebook, youtube, twitter at iba pa). Dapat tayong maging mapanuri. Ugaliing bisitahin ang mga lumalaban sa fake news sa internet tulad ng Rappler, Vera Files at Fact Check Philippines.
    c. **Vote buying**. Huwag nating ipagbili ang ating karapatang pumili ng tamang pinuno. Hindi na rin dapat iboto ang mga kandidatong gumagawa nito.

    **(I-distribute and Bingo Halalan Card at ballpen)**

***6.*** Nais po naming mag-bigay sa inyo ng paraan upang tukuyin ang Presidenteng inyong iboboto. Tinatawag namin itong **Halalan Bingo 2022 Card**. Nakasulat dito ang mga batayan. ***Mahalaga na isantabi muna natin ang ating napili sa ngayon at suriin natin ang bawat isang kandidato. Ano po ba ang hinahanap ninyong katangian ng isang pangulo? (humingi ng ilang halimbawa sa participants) Sang-ayon po ba kayo sa mga sumusunod? Na ang tamang Presidente ay ....***

- Karakter
    - Maka-Diyos
    - May malasakit sa mahihirap
    - Walang bahid ng korapsyon
- Kakayahan at Karanasan
    - May mataas na pinag-aralan
    - May Pag-tulong na ginawa ngayong pandemya
    - May malinaw na plataporma
    - Nakagawa ng magagandang proyekto sa national level
- Posisyon sa mahalagang usapin
    - Lantarang ipinag-lalaban ang teritoryo ng Pilipinas
    - Laban sa Extra-judicial killings(EJK)
    - Naniniwala sa karapatang pantao lalo na sa mahihirap
    - Sumusuporta sa freedom ng Media
    - Hindi sang-ayon sa political dynasty

7. Paano ba ito gamitin? Madali lamang po ito, para lamang tayong mag-lalaro ng bingo.
    a. Isulat ang pangalan sa likod ng Card para pwede itong iuwi.
    b. Markahan nyo lang ng “check” ang bawat bilog kung pasado sa batayan ang bawat kandidato. Gagamitin nating basehan ang mga impormasyon na makukuha sa ating talakayan ngayon at posisyon sa mahahalagang issue ng mga kandidato upang tulungan kayong makapag-desisyon. **Sabay-sabay natin itong gagawin** *(Gagamitin ng facilitator ang impormasyon na kasama ng script sa baba)*. Mag-bibigay ako ng impormasyon sa bawat batayan at maari din kayong mag-bahagi ngunit SARILI nyo lang ang desisyon kung pasado o hindi ang bawat kandidato.
    c. Pwede kayong mag-dagdag ng iba pang batayan sa bandang ibaba ng Card kung may iba pa kayong naisip.
    d. Pag-katapos, ang may pinaka-maraming Check ang napili mong Presidente.
    e. Bilugan ang mukha ng napili mong presidente.

8. Malinaw po ba sa inyo ang ating gagawin? Simulan na po natin.

    Ang kandidato mo po ba ay Maka-Diyos, halimbawa, Namumuhay ayon sa mga utos ng Diyos, Nagpapahalaga sa kabutihang-asal at moralidad. Lumalaban sa katiwalian. Si Ping Lacson po ba ay Maka-Diyos, nakikita po siya sa simbahan, Si Bongbong Marcos po ba ay Maka-Diyos?, Baka may alam po kayo?, Si Isko Moreno ay laging nag-sasabi ng “God First”, Si Manny Pacquiao ay nag-lilead ng worship, Si Leni Robredo ay malapit sa Religious at maayos ang pag-papalaki sa mga anak. I-Check nyo napo ang bilog ng kandidato na pasado sa pagiging maka-Diyos.

    Ang susunod na batayan ay may malasakit sa mahihirap**...(gamitin ang impormasyon sa baba para sa mga batayan na sumusunod)**

9. Maari po bang ipasa ninyo ang card. Siguruhin ang maga sumusunod;
    a. Nabilugan ang presidenteng may pinakamaraming Check
    b. Na may pangalan kayo sa likod para maibalik sa inyo ang card

10. I-lilista ko po ang resulta ng napili ninyong presidente at i-aannouce ko po ngunit hindi ko po babanggitin ang pangalan ninyo sa Card.
    Si Ping Lacson po ay may ____ na boto, Si Bongbong Marcos ay may ____na boto, Si Isko Moreno ay may ____ na boto, Si Manny Pacquiao ay may _____ na boto, Si Leni Robredo ay may ____ na boto
    Si ______________________ ang may pinaka-maraming boto.
    **(Pag-katapos ng announcement)**

11. Ibabalik ko ang card sa inyo para iuwi at ibahagi ninyo sa kasamahan nyo sa bahay o grupong kinabibilangan.

12. Diyan po nag-tatapos ang ating Voter’s Education. **Isama natin sa ating dasal ang ating naging desisyon**. Maraming Salamat po. Sana po ay nakatulong ang prosesong ito para makapamili at makasiguro ng ating ibobotong kandidato.

13. Sa mga nag-nanais na maging Facilitator at gustong gawin ito sa inyong grupo, pamilya, kasamahan sa trabaho ay humingi lang po ng kopya ng script, mag-xerox ng Bingo Card o mag-paprint nito. Ang script ay para lamang po para sa Facilitator.

Art Angel printshop
Commercial Quests Inc.

# QUOTATION

| Specifications: | | | Cost | Total |
|---|---|---|---|---|
| Job Title: | HALALAN BINGO CARDS 2022 | | | |
| Size: | 6.5 x 8 inches | | | |
| Stock: | Claycoat #10 | | | |
| Color: | Full color ; 1 side printing | | | |
| Materials: | Soft copy supplied | | | |
| Quantity: | | *1,000 copies* | 6.40@ | 6,400.00 |
| | | *2,000 copies* | 3.92@ | 7,840.00 |
| | | *3,000 copies* | 3.10@ | 9,300.00 |
| | | *4,000 copies* | 2.75@ | 11,000.00 |
| | | *5,000 copies* | 2.65@ | 13,250.00 |
| | | *10,000 copies* | 2.10@ | 21,000.00 |

Contact No. 09178840068

**Sukat: 6 ½" x 8 1/2"**

# Halalan BINGO 2022

**Ang Presidente mo ba ay TAPAT?**



Paano ito gamitin?

*1. Markahan ng "√" ang bawat bilog kung pasado sa batayan.*

*2. Pwedeng mag-dagdag ng kandidato sa "?" o iba pang batayan sa ibaba.*

*3. Ang may pinaka-maraming "√" ay ang napili mong Presidente. (Bilugan ang kanyang larawan)*

| | Leody DE GUZMAN | Ping LACSON | Bongbong MARCOS | PATTERN | Isko MORENO | Manny PACQUIAO | Leni ROBREDO | ? |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **KARAKTER** | | | | | | | | |
| 1. Maka-Diyos | | | | ✓ | | | | |
| 2. May malasakit sa mahihirap | | | | ✓ | | | | |
| 3. Walang bahid ng korapsyon | | | | ✓ | | | | |
| **KAKAYAHAN AT KARANASAN** | | | | | | | | |
| 4. May mataas na pinag-aralan | | | | ✓ | | | | |
| 5. May pag-tulong na ginawa ngayong pandemya | | | | ✓ | | | | |
| 6. May malinaw na plataporma | | | | ✓ | | | | |
| 7. Nakagawa ng magagandang proyekto sa national level | | | | ✓ | | | | |
| **POSISYON SA MAHALAGANG USAPIN** | | | | | | | | |
| 8. Lantarang ipinag-lalaban ang teritoryo ng Pilipinas | | | | ✓ | | | | |
| 9. Laban sa Extra Judicial Killings | | | | ✓ | | | | |
| 10. Naniniwala sa karapatang pan-tao lalo na sa mahihirap | | | | ✓ | | | | |
| 11. Sumusuporta sa freedom ng Media | | | | ✓ | | | | |
| 12. Hindi sang-ayon sa political dynasty | | | | ✓ | | | | |
| **IBA PANG BATAYAN O POSISYON SA IBA PANG ISSUE (Divorce, Death Penalty, Abortion, Mining, Same Sex Marriage...)** | | | | | | | | |
| 13. | | | | ✓ | | | | |
| 14. | | | | ✓ | | | | |
| 15. | | | | ✓ | | | | |

VOTERS EDUCATION

| | Halimbawa | Ping Lacson, 73 | Bong Bong Marcos, 64 | Isko Moreno, 47 | Manny Pacquiao, 43 | Leni Robredo, 56 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **KARAKTER** | | | | | | |
| **1.** Maka-Diyos | Namumuhay ayon sa mga utos ng Diyos, Nagpapahalaga sa kabutihang-asal at moralidad. Lumalaban sa katiwalian. | Nakikita sa Simbahan | | God First, Maayos ang pamilya | Nakikita sa mga Religious gathering. | Nakikita sa simbahan at malapit sa mga Religious, Maayos ang pag-palaki sa mga anak. |
| **2.** May Malasakit sa mahihirap | Programang nagtaas sa antas ng pamumuhay ng mga tao. Lumalaban para sa katarungan at katotohanan. Masigasig sa pagtulong sa kapwa. | | | Nilinis ang mga sidewalk vendors sa Maynila. Ipinatupad ang Ayuda ng Gobyerno | Nag-bibigay ng ayuda galing sa kanyang sariling pera. Nag-bigay ng pabahay (Pacquiao Village) | Pumupunta sa liblib na lugar ng mahihirap. 12.3B given to families. 42M to communities.207K families ang nabigyan ng Relief. Pumupunta sa mga nasalanta ng kalamidad. |
| **3.** Walang bahid ng Korapsyon | May magandang public record, hindi nasangkot sa krimen o katiwalian. | Hindi tumanggap ng Pork Barrel | - Convicted sa Tax evasion<br>- may pending case sa Napoles scam<br>- May warrant of arrest sa USA<br>- Banned sa Switzerland<br>- Unpaid estate tax na 203B ayon sa BIR | Nagbayad ng tax pero hindi isinauli ang sobrang campaign funds na PHP 50M | Inakusahan ng di pag-bayad ng tax sa boxing ng ating pangulo. | Awardee ng Commisssion on Audit ng tatlong taon sa maayos na pamamalakad ng OVP. Hindi nagpayaman sa posisyon base sa kanyang SALN. |

| | Halimbawa | Ping Lacson | Bong Bong Marcos | Isko Moreno | Manny Pacquiao | Leni Robredo |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **KAKAYAHAN AT KARANASAN** | | | | | | |
| **4.** May mataas na pinag-aralan | | **Graduate.** B.S. Engineering, Masters in Government Management, Military Soldier (PMA) | **Undergraduate**. Special Diploma in Social Studies. Graduate Coursework in Business Administration (credited units only) | **Graduate**. Business/Public Administration | **Graduate**. Political Science major in Local Government Administration | **Graduate**. Economics, Lawyer, Doctor in Public Administration, Humanities, Laws |
| **5.** May pag-tulong na ginawa ngayong Pandemya | | | | Vaccination programs. Relief operations. Renovation of hospitals. Lumobo ang utang ng Maynila ng 15B. | Regular na nag-bigay ng Ayuda | e-Konsulta, Health frontliner free accommodations and transportation, Donation of PPEs,testing kits, Swab Cab.Hot meals for health workers |

| | Halimbawa | Ping Lacson | Bong Bong Marcos | Isko Moreno | Manny Pacquiao | Leni Robredo |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **6.** May malinaw na plataporma | | Comprehensive Health Agenda, Reboot our Economy, Improve Tax Administration, Reinvent Govt | Call for Unity, Creation of Jobs, Energy Generation, Tourism, Build Build Build | Housing, Education, Labor & Employment, Health, Tourism & Creatives, Infrastructure, Industry 4.0, Agriculture, Good Governance, Smart Governance | Stop Corruption, Economic Growth & Deve., Employment, Free Housing, Sustainable Livelihood, Improve Healthcare, Education, Agricultural Dev. Infrastructure Dev., Judicial Reform, Increase Private & Public Salaries, War on Drugs, Sports Dev., Strengthen International Treaty Agreement, Improve Tourism, Defen territorial Rights, Automate Gov. Agencies, Add Power Supply, Improve internet, Lower Ind. Corp. Taxes, renewable Energy, Empower Youth | Kalayaan mula sa pangambang mag-kasakit, Kalayaan sa Gutom, Kalayaan sa Kakulangang Edukasyon, Ibalik ang tiwala sa Gobyerno, Gisingin ang Lakas ng Industriyang Pilipino, Wakasan ang diskriminasyon sa trabaho, Suporta sa maliit na Negosyo, Saluhin ang mga nawalan ng Trabaho. |
| **7.** Nakagawa ng magagandang proyekto sa national level | Anu-anong mga programa ang nagawa na niya? | Nag-pasa ng batas sa senado, bilang senador | Nag-pasa ng batas sa senado at mababang kapulungan bilang senador at congressman | Binuksan ang vaccination sa ibang lungsod. Renovation ng Manila Zoo, sinuportahan ang Dolomite Beach sa kasagsagan ng Pandemya. | Nagbigay ng ayuda. Nag-pasa ng batas sa senado bilang senador | Sinimulan ang Angat Buhay noong 2016, Food Security, Housing, Public Education, Rural Development, Universal Healthcare, Women Empowerment. Partnered with 330 Orgs. |

| | Halimbawa | Ping Lacson | Bong Bong Marcos | Isko Moreno | Manny Pacquiao | Leni Robredo |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **POSISYON SA MAHALAGANG USAPIN** | | | | | | |
| **8.** Lantarang ipinag-lalaban ang teritoryo ng Pilipinas | | Pumunta sa isang Isla na pinag-aagawan at itinayo ang bandila ng Pilipinas | Hihingi ng kasunduan sa Tsina na payagan ang mga Pilipino na mangisda sa West PH Sea | Sisiguruhin na malayang makakapangisda ang mga mangingisda | Magtatayo ng peace panel para malutas ang West PH Sea issue. Ipagpatuloy ang mapayapang relasyon sa Tsina | Laging iginigiit ang ating ipinanalong kaso ukol sa West Philippine Sea. Palalakasin ang mga gamit sa pag-babantay ng ating karagatan. |
| **9.** Laban sa extra-judicial killings (EJK) | Pagpapahalaga sa buhay ng tao. | Hindi papayagan ang mga EJK pag nahalal na presidente | Ipagpapatuloy ang War on Drugs ni Duterte ngunit tutukan ang prevention at rehabilitation | Hindi papayag na i-prosecute si Duterte ng ICC. Ipagpapa-tuloy ang War on Drugs ni Duterte with the bounds of the law | Hintayin ang imbestigasyon ng ICC kung may EJK nga. Ipagpapatuloy ang war on Drugs ngunit walang human rights violation. | Nanawagan na ipatigil ang Oplan Tokhang. Babaguhin ang pamamaraan ng war on drugs |
| **10.** Naniniwala sa karapatang pantao lalo na sa mahihirap | | Pabor sa Red-tagging | Pinasinungalingan na may human rights violations sa panahon ng Martial Law. | Nag-presenta ng drug suspects ng nakaposas | Pabor sa anti-terror law, Pabor sa death penalty | Nilalabanan ang deskriminasyon sa trabaho. Hindi pabor sa Red-tagging, sumusuporta sa same sex union at adbokasiya ng mga LGBTQ. Tinutulan ang pag-abolish ng ng Commission on Human Rights |

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **11.** Sumusuporta sa freedom ng media | | Freedom of media at transparency sa gobyerno | Iniiwasan ang media interviews | | | Nakikinig sa boses ng media. Walang demokrasya kung walang free press. Nakikipag-usap sa mga mahihirap. |
| **12.** Hindi sang-ayon sa Political dynasty | | Yes | No. May mag kamag-anak na nasa-posisyon | Yes | Yes | Yes |